

MACMILLAN CANCER SUPPORT

Docetaxel

Docetaxel: Filipino

Ang docetaxel ay gamot na ginagamit sa chemotherapy. Ginagamit ito para sa paggamot ng maraming uri ng kanser tulad ng breast, prostate, stomach, head at neck, at non-small cell lung cancer (NSCLC).

Makakabuting basahin ang impormasyong ito kasama ang pangkalahatang impormasyon tungkol sa chemotherapy at sa uri ng kanser na mayroon ka.

Ang docetaxel ay itinuturok sa ugat. Madalas ay ibibigay ito sa iyo bilang outpatient o minsan habang naka-confine sa ospital. Ang doktor mo para sa kanser, nurse o pharmacist ang magsasabi sa iyo kung gaano kadalas mo ito dapat makuha.

Tulad ng lahat ng gamot para sa chemotherapy, ang docetaxel ay maaaring magdulot ng mga side effect. Ang ilan sa mga side effect ay maaaring seryoso, kaya mahalagang mabasa ang detalyadong impormasyon sa ibaba.

Maaari kang makatanggap ng payo mula sa iyong healthcare team kung ano ang maaaring magawa tungkol sa anumang side effect. Sabihin agad sa doktor mo o nurse kung ikaw ay:

- may sinat o lagnat
- may hindi magandang pakiramdam
- may malulubhang side effect, lakip ang anumang hindi namin nabanggit dito.

Sa mga bihirang pagkakataon, ang mga side effect ay maaaring maging banta ng kamatayan. Maaaring ipaliwanag ng doktor mo para sa kanser o nurse ang mga peligro ng mga side effect na ito sa iyo.

Kung kailangan mo ng medikal na atensyon para sa anumang dahilang bukod sa kanser, palaging sabihin sa healthcare staff na tumatanggap ka ng treatment na ito.

Ano ang docetaxel?

Ang docetaxel ay ginagamit para sa paggamot ng breast, prostate, stomach, head at neck at non-small cell lung cancer (NSCLC).

Maaaring gamitin rin ito paminsan-minsan para gamutin ang iba pang kanser. Makabubuting basahin ang impormasyong ito kasama ang aming pangkalahatang impormasyon tungkol sa uri ng kanser na mayroon ka.

Makikipag-usap sa iyo ang iyong doktor tungkol sa treatment na ito at ang mga posibleng side effect bago ka sumang-ayon (consent) na tanggapin ang treatment

Paano ibinigay ang docetaxel

Ibibigay sa iyo ang docetaxel sa isang chemotherapy day unit o habang naka-confine ka sa ospital.

Ibibigay ito sa iyo ng isang chemotherapy nurse. Ang docetaxel ay maaaring ibigay kasama ng iba pang gamot para sa kanser.

Habang isinasagawa ang treatment, kadalasang makikita mo ang doktor para sa kanser, isang chemotherapy nurse o isang espesyalistang nurse, at isang espesyalistang pharmacist. Sila ang mga tinutukoy namin kapag binabanggit namin ang doktor, nurse o pharmacist sa impormasyong ito.

Bago ang araw o sa mismong araw ng treatment, may isang nurse o taong sinanay para kumuha ng dugo (phlebotomist) ang kukuha ng sample ng iyong dugo. Ito ay para makita kung ang iyong mga blood cell ay nasa ligtas na antas para maisagawa ang chemotherapy.

May makikita kang doktor o nurse bago ang iyong chemotherapy. Tatanungin ka nila kung ano ang pakiramdam mo. Kung walang problema ang mga resulta ng blood test mo, ihahanda na ng pharmacist ang iyong chemotherapy. Sasabihin sa iyo ng nurse kapag handa na ang iyong treatment.

Madalas ay bibigyan ka ng iyong nurse ng mga anti-sickness (anti-emetic) na gamot bago ang chemotherapy. Ang mga gamot para sa chemotherapy ay ibibigay gamit ang:

- isang maigsi, makitid na tube na ilalagay ng nurse sa isang ugat sa braso o kamay mo (cannula)
- isang manipis na tube na ilalagay sa ilalim ng balat sa dibdib mo at sa ugat na malapit dito (central line)
- isang manipis na tube na ilalagay sa isang ugat sa braso mo at pataas papunta sa ugat sa dibdib mo (PICC line).

Ibibigay ng nurse mo ang docetaxel bilang IV drip (infusion) sa iyong cannula o line. Madalas ay idadaan nila ang drip sa isang pump, at sa pamamagitan nito ay aabot ang treatment ng isang oras.

Ang iyong chemotherapy

Madalas may iba't ibang cycle ng treatment ang buong therapy na sasaklaw ng ilang buwan. Ang bawat cycle ng docetaxel ay madalas umaabot ng 21 araw (3 linggo). Matatanggap mo ang gamot sa unang araw ng bawat cycle. Makikipag-usap sa iyo ang nurse o doktor tungkol sa treatment plan mo.

Tungkol sa mga side effect

Ipapaliwanag namin dito ang mga pinakamadalas na side effect ng treatment na ito. Isasama rin namin ang ilang hindi pangkaraniwang side effect.

Maaaring maranasan mo ang ilang side effect na babanggitin namin, pero malabo ang posibilidad na maranasan mo ang lahat ng mga ito.

Kung tumatanggap ka rin ng treatment gamit ang iba pang gamot laban sa kanser, maaaring magkaroon ka rin ng ilang side effect na hindi namin inilista rito.

Palaging sabihin sa doktor mo, nurse o pharmacist ang tungkol sa anumang mararanasan mong side effect.

Maaari kang bigyan ng doktor mo ng mga gamot para makontrol ang ilang side effect.

Mahalagang inumin o gamitin ang mga ito ayon sa eksaktong paliwanag ng iyong nurse o pharmacist. Sa pamamagitan nito, mas malaki ang posibilidad na gagana ang mga ito para sa iyo.

Bibigyan ka ng nurse mo ng payo kung ano ang maaaring magawa tungkol sa mga side effect mo.

Pagkatapos ng treatment mo, karamihan ng mga side effect ay magsisimula nang mawala o huminto.

Mga side effect na seryoso at maaaring magbanta ng kamatayan

Ang ilang mga treatment para sa kanser ay maaaring magdulot ng malalang side effect. Sa mga bihirang pagkakataon, ang mga ito ay maaaring maging banta ng kamatayan. Ipapaliwanag ng doktor mo para sa kanser o nurse ang mga panganib ng mga side effect na ito sa iyo.

Makipag-ugnayan sa ospital

Ibibigay sa iyo ng nurse ang mga numero ng telepono ng ospital. Kung hindi maganda ang nagiging pakiramdam mo o kailangan mo ng payo, maaari mo silang tawagan anumang oras ng araw o gabi.

I-save ang mga numerong ito sa cellphone o telepono mo at ingatan.

Mga side effect habang isinasagawa ang treatment

Ang ilang tao ay maaaring makaranas ng mga side effect habang isinasagawa ang chemotherapy nila o agad-agad pagkatapos nito:

Mga allergic na reaksiyon

Ang ilang tao ay nakakaranas ng allergic na reaksiyon habang tinatanggap ang treatment na ito. Bago ang treatment, bibigyan ka ng mga gamot para maiwasan o ibaba ang posibilidad ng anumang reaksiyon.

Kasama sa mga sintomas ng reaksiyon ang:

- pagkaramdam na lalagnatin o pag-iinit
- pamamantal o rashes sa balat
- pangangati
- panginginginig
- pagkahilo
- pananakit ng ulo
- pakaramdam na hindi makahinga
- pamamaga ng mukha o mga labi
- kirot sa likod, tiyan o dibdib

Titingnan ka ng iyong nurse para sa mga senyales ng reaksiyon habang isinasagawa ang treatment mo. Kung hindi nagiging maganda ang pakiramdam mo o mayroon ng alinman sa mga senyales na ito, sabihan sila agad. Kung nagkaroon ka ng reaksiyon, maaari itong magamot agad-agad.

Minsan, may nangyayaring reaksiyon sa loob ng ilang oras pagkatapos ng treatment. Kung makakaranas ka ng anumang sintomas o hindi maganda ang nagiging pakiramdam mo pagdating mo sa bahay, makipag-ugnayan agad sa ospital.

Nag-leak ang gamot sa labas ng ugat

Kapag nangyari ito, maaaring mapinsala nito ang mga tissue sa paligid ng ugat.

Tinatawag itong

extravasation. Bihirang mangyari ang extravasation, pero kapag nangyari ito, mahalagang

asikasuhin ito agad-agad. Sabihin agad sa nurse mo kung may nararamdaman kang parang natutusok ng karayom, kirot, pamumula o pamamaga sa paligid ng ugat.

Kung magkakaroon ka ng alinman sa mga sintomas na ito pag-uwi mo, makipag-ugnayan sa doktor o nurse agad-agad. Gamitin ang numerong ibinigay nila sa iyo.

Kirot sa paligid ng ugat

Ang docetaxel ay maaaring magdulot ng kirot sa bahagi kung saan inilapat ang injection o sa ugat.

Kung makakaramdam ka ng kirot, sabihin ito agad sa iyong nurse o doktor para matingnan nila ito. Maaaring ibigay nila nang unti-unti ang gamot o haluan ito ng mas maraming fluid para mabawasan ang pagkirot.

Mga karaniwang side effect

Peligro ng pagkakaroon ng impeksyon

Ang treatment na ito ay maaaring magpababa sa bilang ng white blood cell sa iyong dugo. Nilalabanan ng mga cell na ito ang impeksyon.

Kung mababa ang bilang ng mga white blood cell, malamang na magkaroon ka ng impeksyon. Ang mababang bilang ng white blood cell ay tinatawag na neutropenia.

Kung magkakaroon ka ng impeksyon, mahalagang gamutin ito agad-agad kung posible.

Makipag-ugnayan agad sa ospital gamit ang 24-oras na numerong ibinigay sa iyo kung:

- lumagpas ng 37.5°C (99.5°F) ang temperatura mo
- biglang sumama ang pakiramdam mo, kahit na normal lang ang temperatura mo
- may mga sintomas ka ng impeksyon.

Kasama rin sa mga sintomas ng impeksyon ang:

- pagkaramdam ng panginig
- panakit ng lalamunan
- ubo
- diarrhea
- madalas na pagkaramdam na maiihi

Mahalagang sundan ang anumang partikular na payo na ibinibigay sa iyo ng team na nagbibigay ng treatment para sa iyong kanser.

Ang bilang ng mga white blood cell ay madalas bumabalik sa normal bago ang susunod mong treatment.

Magsasagawa ng blood test sa iyo bago tumanggap ng higit pang treatment. Kung mababa ang bilang ng iyong white blood cell, maaaring i-delay muna pansamantala ng iyong doktor ang treatment.

Pagkakaroon ng pasa at pagdurugo

Ang treatment na ito ay maaaring magpababa sa bilang ng platelet sa iyong dugo. Ang mga platelet ay mga cell na nakakatulong sa pag-clot ng dugo.

Sabihin sa doktor mo kung nagkakaroon ka ng mga pasa o pagdurugo na hindi mo maipaliwanag.

Kasama rito ang:

- pagdurugo ng ilong
- pagdurugo ng gilagid
- maliliit na pula o violet na spot sa balat na maaaring magmukhang pantal o rash.

Ang iba ay maaaring mangailangan ng IV drip para magkaroon ng mga karagdagang platelet. Tinatawag itong platelet transfusion.

Anaemia (mababang bilang ng mga red blood cell)

Ang treatment na ito ay maaaring magpababa sa bilang ng red blood cell sa iyong dugo. Ang mga cell na ito ang nagdadala ng oxygen sa buong katawan.

Kung mababa ang bilang ng mga red blood cell, maaari kang mapagod o mahirapang huminga. Sabihin sa doktor o nurse mo kung ganito ang nararamdaman mo.

Kung masyado kang anemic, maaaring kailanganin mo ng drip para sa ekstrang red blood cell. Tinatawag itong blood transfusion.

Masamang pakiramdam

Maaaring sumama ang pakiramdam mo sa unang ilang araw pagkatapos ng treatment na ito. Bibigyan ka ng doktor mo ng mga anti-sickness drug para makatulong na maiwasan o makontrol ang masamang pakiramdam. Inumin o gamitin ang mga gamot nang eksaktong ayon sa mga tagubilin ng nurse o pharmacist.

Mas madaling iwasan ang pagkakasakit kaysa gamutin ito kapag nagsimula na ito.

Kapag sumama ang pakiramdam mo, uminom nang paunti-unti at kumain ng maliliit na piraso ng pagkain pero madalas.

Kung patuloy pa rin ang pagsama ng pakiramdam mo o kung nagsuka ka nang higit sa isang beses sa loob ng 24 na oras, makipag-ugnayan agad sa ospital. Papayuhan ka nila kung ano'ng gagawin at maaaring palitan nila ang anti-sickness drug ng iba na mas mahusay na gagana para sa iyo.

Pagkapagod

Ang pagkapagod ay karaniwang side effect. Madalas ay lumalala ito sa katapusan ng treatment at sa loob ng ilang linggo pagkatapos nito.

Subukang magdahan-dahan at iplano ang araw mo na may sapat na oras ng pahinga.

Ang magagaang ehersisyo tulad ng maiigsing paglalakad ay maaaring magbigay sa iyo ng higit na enerhiya.

Kung inaantok ka, huwag magmaneho o gumamit ng mga makinarya.

Kawalan ng gana

Ang treatment na ito ay maaaring makaapekto sa gana mo sa pagkain. Huwag mag-alala kung hindi ka masyadong makakain sa isa o dalawang araw. Pero kung hindi pa rin bumabalik ang gana mo pagkalipas ng ilang araw, sabihin sa iyong nurse o dietitian. Papayuhan ka nila. Maaaring bigyan ka rin nila ng supplement sa pagkain at pag-inom.

Mahapding bibig

Maaari kang makaramdam ng paghahapdi o pagsusugat sa loob ng bibig Maaari itong magdulot ng impeksyon sa bibig.

Gumamit ng malambot na sipilyo kapag nagsesepilyo o kapag nililinis ang iyong mga pustiso sa umaga, sa gabi at pagkakain.

Kung mahapdi ang bibig mo:

- sabihin ito sa iyong nurse o doktor - maaaring bigyan ka nila ng mouthwash o mga gamot para makatulong
- sikaping uminom ng maraming fluid
- iwasan ang anumang inuming nakakalasing, paninigarilyo at mga pagkaing magdudulot ng iritasyon sa iyong bibig

Diarrhea

Ang treatment na ito ay maaaring magdulot ng malubhang diarrhea. Maaari kang bigyan ng doktor o nurse mo ng mga gamot laban sa diarrhea para inumin kapag nasa bahay ka na.

Kung makakaranas ka ng diarrhea:

- sundan ang mga payong ibinigay sa iyo sa pag-inom ng mga gamot laban sa diarrhea
- uminom ng 2 litro ng fluid sa isang araw
- iwasan ang inuming nakakalasing, may caffeine, mga produktong gawa sa/may gatas, matatabang pagkain at mga pagkaing maraming fiber.

Makipag-ugnayan agad sa ospital kapag:

- nagka-diarrhea ka sa gabi
- 6 na beses o higit ka nang nagkaka-diarrhea sa loob ng isang araw
- hindi tumatalab ang mga gamot laban sa diarrhea sa loob ng 24 na oras.

May ilang tao na kailangang pumunta sa ospital para tumanggap ng fluid mula sa IV drip. Maaaring kailangan mong uminom ng mga antibiotic.

Konstipasyon

Ang treatment na ito ay maaaring magdulot ng konstipasyon o hirap sa pagdumi. Narito ang ilang tip na maaaring makatulong:

- uminom ng 2 litro ng fluid sa isang araw
- kumain ng mga pagkaing mayaman sa fiber tulad ng mga prutas, gulay at whole wheat na tinapay
- magsagawa ng regular na ehersisyo tulad ng paglalakad.

Kung magkaka-konstipasyon ka, makipag-ugnayan sa ospital para sa payo. Maaaring bigyan ka ng doktor mo ng mga gamot na tinatawag na laxatives para makatulong.

Pagkalagas ng buhok

Kadalasan ay malalagas ang lahat ng buhok mo sa ulo. Maaari ring malagas ang mga buhok sa pilik-mata, kilay o sa iba pang bahagi ng katawan. Ang pagkalagas ng buhok ay karaniwang nagsisimula pagkatapos ng una o ikalawang treatment mo.

Ang scalp cooling ay ginagawa para ibaba ang temperatura ng anit mo para maiwasan ang pagkalagas ng buhok. Sasabihin ito ng nurse kung ang opsyon na ito ay para sa iyo.

Puwede kang kausapin ng nurse kung ano ang gagawin tungkol sa pagkalagas ng buhok. Maraming paraan para matakpan ang pagkalagas ng buhok kung gusto mo. Mahalagang may takip ang anit mo kapag nasa ilalim ng sikat ng araw.

Kadalasan ay pansamantala lang naman ang pagkalagas ng buhok at madalas ay tumutubo itong muli pagkatapos ng treatment. Sa mga bihirang pagkakataon, permanente na ang pagkalagas ng buhok. Maaaring hindi na uli tumubo ang buhok o maging mas manipis na kaysa dati. Kung nag-aalala ka tungkol dito, makipag-usap sa doktor mo sa kanser o sa nurse.

Mga pagbabago sa balat

Maaaring maapektuhan ng docetaxel ang balat mo. Maaaring sabihin sa iyo ng iyong doktor o nurse kung ano ang puwedeng asahan. Kung nanunuyo ang balat mo, subukang gumamit araw-araw ng lotion na walang pabango.

Maaari ring magdulot ng pamamantal o rash ang docetaxel, at maaaring kumati ito. Palaging sabihin sa doktor o nurse mo ang anumang mga pagbabago sa balat. Maaari ka nilang bigyan ng payo at makakapagreseta ng mga ointment o gamot para makatulong. Anumang mga pagbabago sa balat mo ay kadalasang pansamantala lang at bubuti ito kapag tapos na ang treatment.

Mga pagbabago sa kuko

Maaaring bumagal nang husto ang paghaba o maging mas madaling maputol ang mga kuko mo. Maaaring makakita ka ng mga puting linya sa mga kuko mo, o iba pang mga pagbabago sa hugis o kulay ng mga ito. Kapag natapos na ang treatment, anumang mga pagbabago ay kadalasang umaabot ng ilang buwan para bumalik sa normal.

May mga bagay na maaari mong gawin para mapangalagaan ang iyong mga kuko:

- Palaging gumamit ng moisturizer para sa iyong mga kuko at kamay.
- Gumamit ng mga glove para maingatan ang mga kuko mo kapag gumagawa ng mga gawain sa loob at labas ng tahanan.
- Huwag gumamit ng mga pekeng kuko habang isinasagawa ang treatment. Maaaring gumamit ng nail polish.
- Kung apektado ang mga kuko sa paa, gumamit ng sapatos na nasa tamang size para maingatan ang mga ito.

Mga problema sa mata

Ang treatment na ito ay maaaring magdulot ng paghahapdi, pamumula at pangangati ng mga mata (conjunctivitis). Reresetahan ka ng doktor mo ng mga eye drop para maiwasan ito. Mahalagang gamitin ang mga ito ayon sa tagubilin.

Maaari ring maging mas sensitibo ang mga mata mo sa liwanag at magdudulot ng malabong paningin. Palaging sabihin sa doktor o nurse mo kung may nararamdaman kang kirot o may napapansing anumang pagbabago sa paningin mo.

Pananakit ng kalamnan o kasukasuan

Maaaring makaranas ka ng pananakit sa mga kalamnan o kasukasuan sa loob ng ilang araw pagkatapos ng chemotherapy. Kung mangyayari ito, ipaalam sa doktor mo para mabigyan ka ng mga painkiller. Sabihin din sa kanila kung hindi nawawala ang pananakit. Makakatulong ang maligamgam na bath at regular na pahinga.

Pamamanhid o panginginig ng mga kamay o paa (peripheral neuropathy)

Ang treatment na ito ay nakakaapekto sa mga nerve at maaaring magdulot ng pamamanhid, panginginig o pagkirot ng mga kamay o paa. Maaaring mahirapan kang magkabit ng mga butones o mga gawaing kailangan ng mga kamay.

Sabihin sa doktor mo kung nararanasan mo ang mga sintomas na ito. Madalas ay kailangan nilang ibaba ang dose ng gamot.

Kadalasang unti-unting bumubuti ang mga sintomas pagkatapos ng treatment pero para sa ibang tao maaaring hindi na ito maaalis. Kung nag-aalala ka tungkol dito, makipag-usap sa iyong doktor.

Mga pagbabago sa iyong panlasa

Maaaring magkaroon ka ng mapait o parang metal na lasa sa iyong bibig. Ang pagkain ng mga sugar-free na matatamis na pagkain ay maaaring makatulong. May ilang pagkain na maaaring maging iba ang lasa o walang lasa para sa iyo. Subukang kumain ng iba't ibang pagkain para malaman kung ano ang pinakamasarap na lasa para sa iyo. Kadalasang bumubuti ang mga pagbabago sa panlasa kapag tapos na ang treatment. Maaaring magbigay ng higit pang payo ang nurse.

Mga epekto sa baga

Ang treatment na ito ay maaaring magdulot ng mga pagbabago sa baga. Sabihin sa doktor mo kapag bigla kang nagkaroon ng:

- ubo
- paghalak
- lagnat (mataas)
- hirap sa paghinga.

Kailangan mo ring sabihin sa kanila kung lumalala ang anumang mga problema sa paghinga. Baka kailangan mo ng mga test para matingnan ang baga mo.

Pagkakaroon ng fluid

Ang mga sakong at paa mo ay maaaring mamaga dahil sa naipong fluid Ipaalam sa iyong doktor kapag nangyari ito. Maaari ka nilang bigyan ng mga gamot na makakatulong. Kung dahil sa pamamaga ay hindi komportable ang pakiramdam mo, maaari ka rin nilang bigyan ng mga support stocking. Makakatulong rin kung itataas mo ang mga binti mo sa tuntungan o unan. Kadalasang nawawala ang pamamaga kapag tapos na ang treatment.

Paghahapdi at pamumula ng mga palad at talampakan

Tinatawag itong palmar-plantar o hand-foot syndrome. Bumubuti ito pagkatapos ng iyong treatment. Maaari kang bigyan ng payo ng doktor o nurse at maaaring magreseta ng mga lotion o ointment para mapabuti ang mga sintomas. Makakatulong ang pagpapanatiling malamig ng iyong mga kamay at paa at iwasan ang masisikip na medyas, sapatos at gloves.

Mga epekto sa puso

Maaaring maapektuhan ng treatment na ito ang paggana ng puso. Maaaring magsagawa ng mga test para makita kung ano ang sitwasyon ng iyong puso. Maaaring gawin ito bago ang treatment, habang isinasagawa ito o madalas pagkatapos nito.

Kung ang treatment ay nagdudulot ng mga problema sa puso, maaaring baguhin ng doktor ang treatment mo.

Makipag-ugnayan agad sa doktor kung:

- nakakaramdam ka ng kirot o paninikip ng dibdib
- nakakaramdam ka ng hirap sa paghinga o pagkahilo
- nararamdaman mong masyadong mabilis o masyadong mabagal ang pintig ng puso mo.

May iba pang mga kondisyong maaaring magdulot ng mga sintomas na ito, pero mahalagang matingnan ito ng doktor.

Iba pang impormasyon

Panganib ng blood clot

Ang kanser at iba pang treatment laban sa kanser ay magpapataas sa panganib ng pagkakaroon ng blood clot Kasama sa mga sintomas ng blood clot ang:

- kirot sa, pamumula o pamamaga ng binti o braso
- hirap sa paghinga
- pananakit ng dibdib.

Kung mayroon ka ng mga sintomas na ito, makipag-ugnayan agad sa doktor.

Ang blood clot ay seryosong bagay pero maaaring magamot gamit ang mga blood thinner. Ang doktor mo o nurse ay maaaring magbigay sa iyo ng higit pang impormasyon.

Alkohol

Ang treatment na ito ay may alkohol. Kung magiging problema ito para sa iyo, sabihin sa iyong doktor, nurse o pharmacist. Ang antas ng alkohol sa iyong dugo ay maaaring higit sa itinakdang legal na limitasyon pagkatapos mong matanggap ang treatment. Mas mabuting iwasan ang pagmamaneho o paggamit ng makinarya sa loob ng ilang oras pagkatapos ng treatment na ito, kahit na sa palagay mo ay ayos lang ang pakiramdam mo.

Iba pang gamot

May ilang gamot na maaaring makaapekto sa chemotherapy o maging delikado kapag ininom. Kasama rito ang mga gamot na mabibili mo sa mga tindahan o botika.

Sabihin sa iyong doktor sa kanser tungkol sa mga drug na iniinom mo, kasama ang mga over-the-counter na gamot, mga komplementaryong therapy at herbal na gamot.

Contraception

Papayuhan ka ng doktor mo na iwasang magbuntis o makabuntis habang isinasagawa ang treatment na ito. Ang mga gamot ay maaaring makapinsala sa ipinagbubuntis. Mahalagang gumamit ng contraception habang nasa loob pa ng panahon ng treatment at ilang panahon pagkatapos nito. Ang iyong doktor, nurse o pharmacist ay maaaring may higit pang impormasyon para rito.

Pakikipagtalik

Kung makikipagtalik ka sa loob ng ilang araw pagkatapos ng chemotherapy, dapat kang gumamit ng condom. Ito ay upang maprotektahan ang iyong partner kung sakaling may anumang kemikal ng chemotherapy sa semen o vaginal fluid.

Pagpapasuso ng sanggol

Pinapayuhan ang mga kababaihan na huwag magpapasuso ng sanggol habang isinasagawa ang treatment na ito o ilang panahon pagkatapos nito. Ito ay dahil sa maaaring mailipat ang mga gamot papunta sa sanggol sa pamamagitan ng gatas.

Kakayahang mag-anak

May ilang gamot para sa kanser na nakakaapekto sa kakayahan mong mabuntis o kakayahan mong magkaanak.

Kung ikaw ay isang babae, maaaring maging iregular o huminto ang regla mo.

Maaaring

pansamantala lang ito, pero para sa ibang kababaihan, permanente na ito. Maaaring maging mas maaga ang menopause kaysa sa karaniwan.

Maaaring may mga paraan para mapanatili ang kakayahang mag-anak para sa mga kalalakihan at kababaihan. Kung nag-aalala ka tungkol sa kakayahang mag-anak, mahalagang makipag-usap sa iyong doktor bago simulan ang treatment

Medikal at dental treatment

Kung kailangan mo ng medikal na treatment sa iba pang dahilan bukod sa kanser, palaging ipaalam sa mga doktor at nurse na tumatanggap ka ng treatment para sa kanser.

Ibigay sa kanila ang mga detalye ng pagkontak ng iyong doktor para sa kanser para mahingan nila siya ng payo.

Kung sa palagay mo ay kailangan mo ng dental treatment, makipag-usap sa iyong doktor para sa kanser o sa nurse. Palaging ipaalam sa iyong dentista na tumatanggap ka ng treatment para sa kanser.

Maraming salamat

Umaasa kami sa maraming iba't ibang source para makakuha ng ebidensya para sa aming impormasyon. Kung gusto mo ng higit pang impormasyon sa mga source na ginagamit namin, makipag-ugnayan sa amin anumang oras sa: bookletfeedback@macmillan.org.uk

Ang lahat ng impormasyon ay nire-review ng mga propesyunal sa kanser o iba pang kaugnay na propesyunal para masigurong ito ay wasto at ipinapakita ang pinakamahusay na ebidensya na makukuha. Nagpapasalamat kami sa lahat ng mga taong naglaan ng ekspertong review ng impormasyon sa pahinang ito.

Ang aming impormasyon ay nire-review din ng mga taong apektado ng kanser upang masigurong nauukol ito sa paksa at maaaring ma-access hangga't maaari. Salamat sa mga taong iyon na nag-review sa binabasa mo at tumulong sa pag-develop ng aming impormasyon.

Umaasa kami na makakatulong sa iyo ang impormasyong ito. Kung may mga tanong ka, maaari ka naming bigyan ng impormasyon at suporta sa telepono sa sarili mong wika. Walang-bayad ang aming mga serbisyo. Tawagan kami sa **0808 808 00 00 (7 araw sa isang linggo, 8am hanggang 8pm)** at sabihin sa Ingles kung sa anong wika mo gustong magpatuloy.

Huling na-review ang content noong: Pebrero 28, 2019

Susunod na nakaplanong pag-review: 2021